



# Mga Mapagkukunan sa Pagsusuri sa COVID-19 para sa mga Bata

## Mga uri ng pagsusuri sa COVID-19

- Ang pagsusuri sa virus ay kayang ipakita kung ang tao ay may **kasalukuyang impeksyon ng COVID-19**. May dalawang uri ng pagsusuri sa virus na ginagamit upang mag-dayagnos ng COVID-19: mga pagsusuring nucleic acid amplification (NAATs/PCR) at mga pagsusuring antigen. Sinisiyasat ng mga pagsusuring ito kung ang isang tao na may mga sintomas ay nahawahan ng COVID-19 virus. Ginagamit din ang mga ito para sa panananala ng mga tao na walang mga sintomas. Ito ay ang mga pagsusuring pagpahid sa ilong [nasal swab] o laway [saliva].
- Ang pagsusuring panlaban ng katawan [antibody] (na kilala rin bilang pagsusuring serology) ay maaaring magpakita kung ang tao ay nahawahan sa **nakaraan**. Isa itong pagsusuri sa dugo. Hindi kayang masabi ng pagsusuring panlaban ng katawan [antibody] kung ang isang tao ay kasalukuyang may COVID-19.

Siguruhin na alam mo kung anong uri ng pagsusuri ang iyong kinukuha. Kung kailangan mo ng pagsusuri upang tugunan ang patakaran ng paaralan, lugar ng pagdarausan, o liga ng palakasan, siguruhing ito ang tamang pagsusuri upang matugunan ang kanilang mga patakaran.

## Saan kukuha ng pagsusuri



**Kung ang iyong anak ay may mga sintomas, pinakamainam na kumuha ng pagsusuri mula sa kanilang doktor o lokal na sentro ng kalusugan.** Tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang [211LA](#) kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor. Maaari ka ring makahanap ng sentro ng kalusugan na malapit sa iyo sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong zip code sa [HRSA.gov website](https://www.hrsa.gov).

Maraming lugar na mapagkukunan ng pagsusuri:



- **Isang parmasya.** Maraming mga parmasya ang nag-aalok ng libreng mga pagsusuri sa virus ng COVID-19. Tawagan o bisitahin ang website para sa mga detalye.
  - **Walmart** na may [Quest Diagnostics](#) – para sa mga edad 2 pataas
  - **CVS Health** at [Walgreens](#) – para sa mga edad 3 pataas
  - **Rite Aid** – para sa mga edad 4 pataas
  - **Mga independiyenteng parmasya** – bisitahin ang [doineedacovid19test.com](https://doineedacovid19test.com)



- **Ang paaralan ng iyong anak o liga sa palakasan ng kabataan.** Maraming mga paaralan at mga distrito ng paaralan ang nagbibigay ng libreng pagsusuri sa COVID-19 sa mga mag-aaral, empleyado, at boluntaryo. Makipag-ugnayan sa paaralan o liga ng palakasan ng iyong anak upang malaman kung mayroong pagsusuring magagamit at kung paano ito makukuha.



- **Isang lugar ng pagsusuri na itinaguyod ng County.** Ang mga lugar na ito ay nag-aalok ng libreng mga pagsusuri ng PCR sa sinumang naninirahan sa LA County, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon. Maraming mga lugar ang nagsusuri ng mga bata sa anumang edad. Ang mga batang wala pang 16 na taon ay dapat na samahan ng matanda na maaaring hilinging kumolekta ng sampol. Bisitahin ang [covid.19.lacounty.gov/testing](https://covid.19.lacounty.gov/testing) para humanap ng mga lugar na nagsusuri ng mga bata o nangangailangan ng tipanan (appointment). Kung kailangan mo ng tulong, maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 upang isaayos ang isang pagsusuri.



- **Isang lugar ng pagsusuri na hindi itinaguyod ng County.** Ang ilang lugar ay pinatatakbo ng mga pribadong kumpanya, sistema ng pribadong pangangalagang pangkalusugan, lokal na entidad, at ang mga lugar na ito ay hindi nasisiyasat ng LA County.
  - Maaari silang mag-alok ng pagsusuri para sa mga bata. Magtanong tungkol sa mga limitasyon ng edad.
  - Maaari silang maningil para sa pagsusuri. Magtanong nang maaga kung mayroong anumang mga singilin o bayarin.
  - Maaari rin silang humingi ng impormasyon tulad ng pamahalaang pagkakakilanlan (ID) o seguro.



### Mga pagsusuri sa bahay

**Pantahanang koleksyon na mga pakete (kit)** – kokolektahin mo ang sampol at ito ay susuriin sa isang laboratoryo.

Ang PCR na mga pakete (kit) sa pagsusuri ay magagamit ng mga taong edad 4+ na naninirahan sa LA County at mayroong mga sintomas o nag-iisip na sila ay nalantad sa COVID-19. Karaniwang nakukuha ang mga resulta 24-48 oras pagkatapos na matanggap ng laboratoryo ang pagsusuri. Ang mga pakete (kit), pagsusuri, at pagpapadala ay libre lahat sa pamamagitan ng programa ng County:

- **Umorder ng pakete (kit) online.** Ang pakete (kit) ay ipinadadala sa iyong bahay sa pamamagitan ng koreo, at ibabalik mo ito sa pamamagitan ng koreo papunta sa lab.
- **Pagkuha ng pakete sa pagsusuri (test kit)** mula sa isang lokasyon sa loob ng LA County. Kolektahin ang sampol sa bahay o sa iyong kotse at ibalik ito sa parehong lugar.

Para sa detalye, bisitahin ang [covid.19.lacounty.gov/testing](https://covid.19.lacounty.gov/testing).

**Pagsusuri ng sarili (Self-tests)** - kokolektahin mo ang sampol at ikaw mismo ang gagawa ng pagsusuri. Karaniwang inaabot ang mga resulta ng 15-30 minuto.

- **Umorder ng mga libreng pagsusuri mula sa [COVIDtests.gov](https://COVIDtests.gov).** Maaari kang makakuha ng 4 na libreng mabilisang pagsusuri (rapid tests) kada sambahayan sa pamamagitan ng koreo.
- **Mula sa parmasya, online, o tindahan (store)** tulad ng isang supermarket o malaking tindahan (big box store).

Karamihan ng mga tao na may seguro sa kalusugan (health insurance) ay maaaring makakuha ng mabilisang pagsusuri sa sarili (rapid self-tests) **nang walang gastos**. Makipag-ugnayan sa iyong plano ng kalusugan para sa mga tagubilin. Kung pumunta ka sa isang tindahan at hindi nila kinuha ang iyong seguro, itabi ang iyong mga resibo. Karamihan sa mga plano sa kalusugan ay ibabalik ang bayad ng ilan o lahat ng gastusin. Karamihan ay nagbabayad ng hanggang sa 8 pagsusuri sa bahay kada buwan para sa bawat tao na nasa plano. Para sa mga detalye, tingnan ang [CMS sa bahay na walang reseta na webpage](#).

**MUNGKAHI!** Tingnan ang [website ng FDA](#) upang makita kung ang iyong pagsusuri ay awtorisado. Ang ilang mga pagsusuri ng sarili ay maaaring may mga limitasyon ng edad. Para sa impormasyon sa mga pakete (kit) ng pagsusuri sa bahay, bisitahin ang [CDC website sa pagsusuri ng sarili](#).



### Mag-ingat sa mga panloloko at pandaraya sa pagsusuri sa COVID-19

Ang Federal Trade Commission ay may impormasyon sa kung [paano makaiwas bumili ng pekeng mga pakete \(kit\) sa pagsusuri online](#)

o malinlang sa paggamit ng [mga manlolokong lugar ng pagsusuri](#).

Bisitahin ang [COVID-19 webpage ng mga panloloko at pandaraya](#) ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan upang malaman ang tungkol sa karaniwang mga panloloko at pandaraya sa COVID-19.

Kung sa tingin mo ikaw ay nakahanap ng pekeng COVID-19 pop-up site o nakabili ng pekeng pagsusuri sa COVID-19, mangyaring iulat ito sa **Kagawaran ng mga Usapin ng Konsyumer at Negosyo** (Department of Consumer and Business Affairs) sa [bit.ly/DCBAHelp](https://bit.ly/DCBAHelp) o **1-800 593-8222**.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa COVID-19 at kung ano ang ibig sabihin ng iyong mga resulta, bisitahin ang [ph.lacounty.gov/covidtests](https://ph.lacounty.gov/covidtests).